

Public education
Discover a world of opportunities


AGHAM: PAG-AARAL NG AT HOME

ANG AGHAM NG KATAWAN

- Ipaguhit sa iyong anak ang guhit-balangkas ng kanyang kamay. Gupitin ito at pag-usapan ang tungkol sa mga iba-ibang sukat at hugis, at tingnan kung sino ang may mga pinakamahaba at pinakamalapad na daliri. Gawin din ito sa iyong mga paa. Tipunin niyo at pagtularin ang mga kamay at paa ng mga miyembro ng pamilya at isaayos niyo ang mga ito mula sa pinamalaki hanggang sa pinakamaliit.
- Papatingnan mabuti sa iyong anak ang kanyang mukha sa salamin. Detalyadong ipalarawan niyo sa kanya ang kanyang mukha. Himukin siya na tingnang mabuti ang detalye ng kanyang mga mata, pilik-mata, kilay, ilong at bibig. Ikumpara niya ang kanyang mukha sa iyo at sa ibang miyembro ng pamilya.

Maglagay ng talanguhit ng paglaki (growth chart) sa dingding at sukatin ang taas ng iyong anak tuwing kaarawan niya (o mas madalas). Kausapin niyo ang iyong anak tungkol sa kung gaano siya lumalaki at kung gaano kataas o kababa siya kumpara sa ibang miyembro ng pamilya.

- Ipahanap sa iyong anak ang kanyang pulso at bilangin niya ang tibok nito. Patakbuhan siya sa labas ng 30 segundo at bilangin niya muli ang tibok nito. Pahigain siya ng ilang minute bago bilangin niya uli ang tibok ng kanyang pulso. *Tanungin siya: Paano nagbago ang iyong pulso? Bakit, sa iyong palagay, ay higit na marami o higit na kaunti ang mga tibok?*



Department of
Education

**Matutunghayan ang marami pang
mga pahina ng pag-aaral sa tahanan
sa education.wa.edu.au**